

## **Presidential Communications Operations Office**

### **Presidential News Desk**

# **TALK TO THE PEOPLE OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE ON CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19)**

[19 April 2021]

**PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE:** I'd like to greet everybody a good day, good night. We will discuss thoroughly so that everybody will understand and of course that would be in rejoinder to the desire of 21 senators na i-recall `yong tariff na pinirmahan ko na binabaan ko kasi --- so that it would make the businessmen, some not all, can import para mas ma --- mura itong baboy. But apparently --- I can understand from where the senators come from. There is also the domestic supply which they intend to protect and they are vehement about it because I think that --- I think that they think that they are right. The problem is my --- `yong mga managers ko, mga finance, I'd like to mention Secretary Dar, NEDA, and maybe Sonny Dominguez are in really favor for --- para sa kanila, the managers ng departamento ko believe that it would in the end total kung medyo malakas na `yong domestic market and there is a movement, madali lang naman eh we can always withdraw the EO that I signed. Madali lang man `yan. It's just a temporary measure really to bring down the prices, but the senators see it in a different light.

So ang ating discussion nito would be para sa tao. I'm sure that itong mga senador may --- they have already their stand and I know that they will --- they are insisting to it while we, the managers of `yong mga managers ng departamento ko, kami `yong nag-i-implement, kami `yong nagpapagalaw, we implement certain measures that would redound, we believe, to the benefit of the people.

So the first thing that I would like to call is Secretary Dar and probably he will explain to us... Sir, babaan mo lang `yong ano mo --- can you talk in a dialect Tagalog para maintindihan tayong lahat? People would appreciate if we talk in a language that they understand. Iyon sir so I'm...

**DA SECRETARY WILLIAM DAR:** Maraming salamat po mahal na Pangulo at saka kapwang Gabinete. I would like to have a brief report on the food supply situation before tackling the issue on pork prices. So mayroon po tayong mga anim na slides lang, anim pito na where I can based my presentation po mahal na Pangulo.

*[So next slide, please]*

Ang objective po nitong presentasyon na ito *[next slide]* is to apprise the President at saka 'yong Gabinete doon sa food security outlook at updates doon sa pork prices, and the lingering African swine fever na mayroon po tayo sa bansa.

*[Next slide po.]*

Gusto kong banggitin mahal na Pangulo itong updates dito sa mga agricultural commodities po natin. Last year was the all time high rice production natin na 19.4 million metric tons at dito sa taon na ito sa first quarter po ay may report ng Philippine Statistics Authority estimating a 4.57 million metric tons na ani natin sa first quarter ng palay and indicating a 7.2 percent increase. So tumataas po ang ating rice production.

Dito po sa taon na ito ay tina-target po natin ng 20.4 million metric tons. So that will be to bring us to 93 percent rice sufficiency. Dito naman po sa mais ay ganoon din ang estimates ng PSA. Mayroong tayong ani na itong first quarter po 2.5 million metric tons and comparing it to first quarter last year ay tumataas po ng 9 percent. Now dito sa fisheries po, bumababa na po 'yong presyo actually prices are stabilizing kasi open fishing season na. At we will continue po to mobilize and see to it na 'yong mga ating mga fisherfolk ay we will see to it na 'yong mga catch nila, mas lalo na rin 'yong mga nasa aquaculture at saka sa open seas ay makadagdag dito po sa dagdag natin ng supply ng isda. Now vegetables and fruits, harvest season na po so ang mga presyuhan ngayon ay bumaba na and the prices are stable.

Now ang aking next slide po ay nagpapakita 'yong food supply and demand outlook po ng taon na ito. Sa ating rice by the end of the year, mayroon po tayong sapat na mayroon pa ring 70 days --- 75 days to last. At ang vegetables po --- ito ay ang supply po versus demand at isinama natin 'yong projected imports na po para makita po natin lahat: ang vegetables ay possibly eight days to last; ang fish ganoon din walong araw po; ang pork mayroon itong naka projected na 400,000 nga na i-import natin dito under MAV Plus, 350 doon 'yong dati 'yong pinaaprubahan ko sa Gabinete at 54,000 na 'yong existing 'yong MAV in-quota po; so sa chicken naman ay

gumaganda ang panahon, they are coming back to harness at mayroon tayong 14 days to last.

Next slide po, Mr. President and the Cabinet, ito po 'yong pork prices bago noong nag-price cap tayo noong February hangga't Abril, 'yong February 8 to April 8. So nakikita ninyo noong last quarter po ng last year ay pumalo ng 400, mayroon pa more than that 'yong presyo ng kasim at liempo, at dito sa January, nakita natin na hindi bumababa. So minabuti po natin na mayroon tayong price ceiling at maganda naman po 'yong epekto ng price ceiling, bumaba po ang food inflation, bumaba in general 'yong inflation rate ng bansa ng from 4.7 naging 4.5. At ito nga tapos na po tayo sa price ceiling. The tendency for the traders again ay itinataas pa rin 'yong presyo ng locally produced dito sa ating bansa.

*[Next slide po.]*

So ito 'yong pork production po natin bawat taon hangga't this time around in 2021 at saka 'yong imports na projected at saka 'yong deficiency po natin. Ito 'yong basehan po ng aking discussion po during the February meeting of the Cabinet at the range of 388,000 metric tons po ang kakulangan. At ang demand po natin this year based doon sa 15 kilos na per capita consumption ay 1.6 million metric tons po ang demand. So kung titingnan natin 'yong supply ay nasa 1.2 million metric tons so talagang may pagkukulang po tayo ng supply dito sa taon na ito gawa naman nag-shrink, bumaba 'yong local food production ng 25 percent.

So iyon po, we are not going --- we are not killing the local hog industry. Ang inaangkat lang po natin po mahal na Pangulo ay 'yong kakulangan lang natin nitong taon. So iyong mga measures na pinapatupad po natin through your approval ay mapababa natin 'yong inflation kasi bababa talaga 'yong presyo sa merkado dito sa mga imported pork.

So 'yong EO 128 was a result of painstaking process and that's why 'yong lowering of tariff will really lower down the pork prices in the market. At itong MAV Plus ay ganoon din na 'yong 400,000, 404 thousand na totaling, 'yong MAV in-quota kung maapruban itong 350,000 ay that will help. Ito lahat 'yong kabuuan ng mga measures po natin para talagang maipababa po natin 'yong pork prices at mababa 'yong food inflation contribution doon sa inflation rate ng bansa.

*[Next slide, please.]*

So tungkol naman po sa African swine fever, ikumpara po natin noong last year from August iyan ang pinakamataas na incidence po ng African swine

fever. Tapos noong Setyembre bumaba at ganoon na rin hanggang ngayon. So nakikita po natin na 'yong mga laban natin kontra ASF ay ume-effective na at umaarangkada na po at itong Abril mababang-mababa na po 'yong ASF incidence. So tuloy-tuloy po namin na itong ugnayan na mas maigting pa with the local government units. Ang labanan po ay mag-umpisa sa barangay. So ang tawag po natin itong plataporma natin na laban sa ASF ay "Bantay ASF sa Barangay." So may mga PPEs na ipro-procure rin natin, tutulongan natin ang mga local government units na para mabantayan po natin itong African swine fever.

Now let me mention mahal na Panguo, we are in discussion po with USDA kasi sila 'yong mayroong partnership nila sa Vietnam. They are testing what they have developed as a vaccine against African swine fever. So maganda naman po 'yong resulta ng usapan at in the very near future ay te-testing-in rin natin 'yong bakuna dito sa bansa African swine fever.

Mayroon din mga produkto po ng mga inventors natin na Filipinos na susubukan natin dito sa early stage of African swine fever ay mayroong dalawa po na iprinesent (present) sa amin at susubukan po nating ite-testing kasi sabi nila basta early use of this at the early stage of the ASF virus ay magre-recover po 'yong ating mga baboy.

*[Next slide.]*

Ito na po 'yong ginagawa po natin base doon sa resources na mayroon po tayo. Iyong calibrated repopulation and intensified production po mayroon tayong 400 million na para doon sa ASF-affected areas na naging pink and yellow zones kasi dati-dati red zones sila, ngayon after 90 days of surveillance, wala na pong African swine fever so puwede na itong calibrated repopulation and intensified production.

Mayroon din kaming inilaan na 200 million pesos to establish breeder multiplier farms kasi 'yong mga sows natin mga 10 percent ay nawala na, so we have to bring these breeders back.

Now, mayroon tayong pinanukala, ito prinesent ko na sa Gabinete minsan at ang joint study ng DOF with the DA in connection with [PCIC], Mr. President, ay kung puwede 'yong premium ay babayaran ng gobyerno, ng DA 22 percent of the insurance premium.

So 'yong mga commercial hog raisers ay incentivized to come to repopulate the hog industry. Iyong mga naman mga backyard hog raisers ay automatic

na po sila kasama dito sa insurance. Wala na silang premium at they will be paid 100 percent.

Iyong fatteners po 10,000 na ang indemnification; `yong breeders ay 14, 500; at saka `yong parental stock ay 34,000. So basta magpalista lang sila sa PCIC at saka sa farmers' registry natin.

Now, dito sa laban po ng ASF, mayroon tayo itong nakalaan 1.2 billion. Now, gusto ko ring banggitin, mahal na Pangulo, itong na-secure po natin na credit facility from LandBank of the Philippines ay ma --- concessional rates din po at ganoon din sa DBP.

And let me mention below, nandoon po a repopulation program of the hog industry for three years is in place pero kulang pa rin `yong budget po natin sa additional --- I mean to repopulate in a big way, we need additionally 7 billion po to really bring back, to harness `yong local hog industry natin.

*[Next slide, please.]*

Ito na `yong kabuuan ng One DA Reform Agenda for the Philippines to transform its agriculture targeting a growth of 2.5 percent this year. Apat na pillars po itong reform agenda po ng agrikultura: iyong farm consolidation, and there are key strategies under that; modernization of agriculture; industrialization of agriculture; and the professionalization of agriculture.

So maraming salamat, mahal na Pangulo, at puwede na kami ay sumagot sa mga katanungan po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Well ---

**SEC. DAR:** Salamat po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Salamat, Secretary Dar. We will hear kung anong masasabi niya.

**NATIONAL ECONOMIC AND DEVELOPMENT AUTHORITY DIRECTOR-GENERAL AND SOCIOECONOMIC PLANNING ACTING SECRETARY KARL KENDRICK CHUA:**

Thank you very much, Mr. President. Magandang gabi --- magandang gabi po sa inyo at sa mga miyembro ng Gabinete.

Iyong sa NEDA po, ang sinusubaybayan po namin ay tatlo: iyong presyo, `yong trabaho at `yong kita. Price, jobs and income.

Simulan ko po sa presyo or `yong inflation. Last year po sa taong 2020, ang inflation rate natin sa pagkain or food ay 2.7%. Ito po ay mababa. Subalit `yong pumasok po tayo sa 2021 sa February and March `no, ang food inflation po natin umakyat to 6% mula sa 2.7% inflation last year. Umakyat po ito more than double to 6% at isang produkto lamang `yong nagpapataas nito, ito po `yong karneng baboy.

Iyong ating meat inflation ay 20%. Pero sa ibang lugar tulad ng NCR, ang ating inflation or presyo ng baboy umakyat po ito to --- up to 60%. At dalawang taon na po `yong African swine fever na nasa Pilipinas.

Sinubukan po natin sa pamumuno ni Secretary Dar na solusyonan ang African swine fever for the last two years pero ang nangyari po ito ay parang COVID para sa baboy. Hindi po ito na-control at nag-spread po ito. At dahil diyan ay malaki po `yong ating deficit.

Ang estimate po ng NEDA, in carcass form, ibig sabihin `yong mabebentang meat `no ng baboy, ito ay aabot na sa 476,000 metric ton[s]. Ito ay mas malaki, more than double from last year. At dahil dito, ito ay may impact sa inflation.

Iyong inflation po natin this year ay aabot na sa 4.2%, lampas na ito sa ating target range of 2 to 4 percent pero dahil sa Executive Order 128 na pinirmahan niyo po, mahal na Pangulo, na ibaba temporarily lang po `yong taripa ng baboy to 5% for the first three months and 10% thereafter `no for one year, ito ay puwedeng magbaba sa ating inflation rate to 3.8 percent. Ang gusto po natin ay ibaba `yong presyo ng baboy from more than 300 peso per kilo tungo sa 215 to 222 peso per kilo kasi ito po `yong normal.

In summary po, Mr. President, we are in a COVID crisis right now. We cannot afford that the people will have both an income problem and a price problem that is why suportado po kami na bigyan natin ng pagkakataon itong EO 128 para mapababa `yong presyo ng pagkain.

If I may, Mr. President, just two more `no kasi ang dalawa pang pang sinusubaybayan namin sa NEDA ay `yong trabaho at `yong kita. Bago po pumasok ang present spike ng COVID, malaki na po `yong improvements natin sa job market. Last year po, between January and April 2020, we lost 8.7 million jobs kasi `yong April last year po nag-impose po tayo ng very strict na ECQ. Pero dahil nagbukas po tayo dahan-dahan in the safest possible manner, `yong ating ekonomiya by February 2021, we were able to create 9.3 million jobs. So ibig sabihin nabawi na natin `yong mga nawalang trabaho at nadagdagan pa natin ito by 600,000 jobs at ito ay mahalaga dahil ito `yong nagpapatakbo sa ating ekonomiya. Iyon naman pong unemployment rate ay medyo mataas pa at 8.8 percent. Ang hinahabol natin sana by next year ay bumalik na sa 4 to 5 percent unemployment rate.

At `yong huli po, mahal na Pangulo, na sinusubaybayan po ng NEDA ay `yong kita o `yong income or suweldo ng tao. Dahil po sa spike ng COVID cases, mayroon na po tayong nakikitang pagkawalan ng income. For every one week --- for every one week na nasa ECQ po tayo, 19.6 billion peso po ang nawawala dahil hindi po lahat ay nakakapagtrabaho at sumusuweldo.

For every one week of MECQ po, 14.7 billion po ang nawawala. So total po dahil two weeks na po `yong ating ECQ at may madadagdag pa na almost three weeks na MECQ, so total of almost 5 weeks, ang epekto po sa ating tao ay 83.3 billion peso in foregone wages.

At ito po ay siyempre one of our concern pero naniniwala kami na dapat magtulungan po tayo na para masolusyonan na itong spike para dahan-dahan na natin puwedeng buksan ulit ang ating ekonomiya para maibalik po natin sa taumbayan `yong mababang preyso, `yong pagbalik ng trabaho at pagbalik ng kanilang kita.

Iyan po ang aking ibabahagi po, mahal na Pangulo. Salamat po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you. Actually, ikaw `yong sunod sana kay FDA, `yong director pati kay secretary. Nauna ka na. But it was a good explanation. I suppose that naintindihan ng mga tao na `yon average ano, ang naintindihan nila kung paano ang laro ng market.

Mahirap intindihin kasi `to `pag... Pati ako. You have to study `yong mga background nito, `yong plataporma kung bakit ganito pinapasok nila, then you'd be able to understand why. Madali lang man intindihin `to. It's really a something which is the theories of the economic managers pati `yong stand ng Senado. Diyan tayo nagkaka --- and it has...

It should not surprise anybody. It has always been like this, whatever the administration o sino ang nakaupo, always the drift of the Senate is to protect the local domestic industry.

Eh `yon namang mga ano, mga medyo mga economic managers natin, mayroon silang paraan kung papaano madalian and how to arrive at a certain level of our economic ano natin, economic level of --- iyong level of kung paano natin maaabot `yong how we can arrive at a certain --- certain level diyan sa ating laro sa ating ekonomiya.

It is now a question of economy trying to correct it to make it more responsive now to the demands of the economic situation of the Philippines. As you would understand na sinabi na sa atin na there --- there's a certain crisis which we have to undertake. But all others, we have improving on the economic situation sa job generation sa Pilipinas.

We will get back to Karl maya kasi may mga tanong pa ako na dapat masagot niya.

So we go now to... We have so many resource persons na itong araw na `to. We go now to Secretary Galvez. What is the status of the vaccination rollout?



## **NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE**

**CZAR CARLITO GALVEZ JR.:** Mr. President; Senator Bong Go; my fellow Cabinet members; Secretary Año, welcome back.

*[My slide, please.]*

Sir, for the vaccine schedule for this ano for this quarter, mayroon po tayong ano mayroon po tayong 2 million na darating po this coming ano this coming April. So `yong ano po natin na --- `yong first --- *[next slide, please]* --- `yong first ano po delivery po ng ano ng Sinovac `yong 500,000 noong April 11 almost consumed na po ito, sir, `yong 500,000. So ngayong April 22, darating na naman po `yong another Sinovac po, sir, na ano 500,000 na darating this coming week

And also `yong 20,000 na Gamaleya, Sputnik. Ito po `yong tinatawag nating mini rollout kasi magkaiba po `yong component nito at saka negative 18 po ito so magti-testing po muna tayo, Mr. President, `yong 20,000.

And then `yong kanyang ano, `yong kanyang 480 will ano, will be at the end of this month. So 500,000 din po na Sinovac ang darating po ng April 29 at sa ngayon po nabigyan po kami ng warning order na pagka matapos po namin `yong ano, `yong legal ano po ng ano ng Pfizer baka po dumating ang 195,000 po na Pfizer galing po sa COVAX.

Nangako rin po sila na pagka naayos po namin lahat `yong mga bilateral agreements namin, baka darating din po `yong 2.4 million na early delivery ng Pfizer this ano this second quarter po. Iyon po ang ano po nila po.

And then doon sa ano po sa May --- sa May naman po, mayroon tayong ini-expect na 4 million; 2 million po sa Sinovac. Ito nabayaran na po `to natin, mahal na President, `yong 3.5 million na 1.5 million sa April at saka 2 million sa May.

And then expected din natin po na napirmahan na po natin `yong ating kontrata sa Gamaleya at saka Sputnik. Pina-process na po natin `yong payment sa 10 million, `yong 15 percent niya. At tayo po ay nag-order ng

more or less 1 to 2 million po sa Gamaleya and it will be finalized tomorrow. Then we are also expecting 'yong ano po 'yong Moderna 194,000. Pero nakita po natin po nag-ano po 'yong J&J, tumigil po ang Johnson & Johnson. Mayroon pong paghihigpit sa US po ngayon sa mga tinatawag nating mga -- - kanilang mga vaccine katulad po ng Moderna at saka po 'yung Pfizer. And also 'yon nga po tinitingnan po natin ang mga possible deliveries, hopefully 'yong iyong supply po natin sa COVAX ay maayos na po at mayroon din po tayong inaasahan na mga deliveries sa AstraZeneca.

And then sa June po, dito po tayo aangat nang kaunti po sa 7 to 8 million doses dahil dito po darating na po 'yong AstraZeneca na in-order po ng private sector. So 'yong --- 'yong 2.6 na unang order ay mabibigyan po muna ng 1.3 million AstraZeneca, and then mayroon po tayo na 4.5 million sa Sinovac, and possibly 'yong COVAX at saka Pfizer, sa AstraZeneca 'yon po darating din po.

*[Then next slide, please. Next slide, please.]*

So 'yong atin pong ano atin pong mga tinatawag nating kontrata, lima na po ang kontrata natin po na talagang ngayon po inaayos na po natin ang mga financing: 'yong Sinovac, AstraZeneca, Moderna, Novavax at saka Gamaleya. Iyong Johnson & Johnson, nagpapasalamat po tayo sa FDA dahil kasi lumabas na po 'yong kanyang EUA.

So may lima na po tayo --- may lima na po tayong vaccine na mayroon na pong EUA, at ang natitira na lang po ay 'yong Moderna at saka po 'yong Novavax. Kung makikita po natin 'yong Sinovac, ito po ang pinaka-steady supply po natin at saka po 'yong Gamaleya. Pagka nagkaroon na po tayo ng initial delivery, magiging steady na po. Dalawa na po 'yong magiging pinakasteady na po natin na --- na dalawang ano po, 'yon pong Gamaleya at saka Sinovac. And then later dadagdag na po 'yong Moderna and also 'yong AstraZeneca.

So, Mr. President, ini-expect po natin na, sir, June, July, August doon na po bubuhos po 'yong ano natin 'yong ating mga na-order po na ano na mga na mga vaccine. Aabot po ng 10 to ano to 15 million na po ang darating mga by August na po 'yon. So 'yon po ang ano po natin ang prediction po natin.

*[Next slide, please. Next slide, please.]*

Sa ngayon po ito na po ang ating nabakunahan. So mayroon na po tayong 1,279,223 Filipinos that already vaccinated. At mayroon na po tayong 1,477,757 vaccines administered. So 'yong ano po, 'yong sa healthcare workers, mayroon na po tayong nakakuha ng first dose na 965,960 at mayroon na po tayong second dose na 198,000. Sa ating mga seniors po mayroon na po tayong 132,948, at saka mayroon naman pong mga --- mga kapansanan o itong mga tinatawag nating comorbidities, mayroon po tayong 180,315.

*[Next slide, please.]*

So kung titingnan po natin, sir, sa atin po pangwalo po tayo nagsimula sa buong ASEAN nation. So kung makikita po natin ang Vietnam at saka lang po ang --- ang Brunei ang nahuli po sa atin pero nakahabol po tayo. Sa ngayon po number three po tayo at the same time 41<sup>st</sup> po tayo out of 173 countries, at number 14 po tayo sa 47 Asian countries. So hindi po tayo nahuhuli, nandoon po tayo sa may bandang per --- mga ano, upper 25 percent.

**PRESIDENT DUTERTE:** Well, maganda ang record natin despite of unfounded you know criticisms which is --- well anyway, we expect it. But the Philippines was able to get the upper berth, I said, of the countries that are inoculated. Maganda ang record niyan and to think that people were almost in a quandary where to get the next vaccination.

You know, for whatever it is really worth to them, we were able to make a go at least not everybody at one time, but we have vaccinated a lot of people and I am happy that we have completed the vaccination of the medical people, iyong tawag nilang frontliner.

So nakita mo naman na hindi pala tayo 'yong pinakamahina, mataas nga 'yong atin. It goes to show that we are really working very hard, especially Secretary Galvez, to get the vaccines here in the Philippines on time. Though it is not as fast as people would like to expect, the fact that, I said, we have occupied a certain position, we are number 15 sa ano? Number three?

**SEC. GALVEZ:** Sir, sa ASEAN po, sir, tayo number three po tayo, sir. So makikita niyo, sir, `yong ano, kung `yong starting point number eight tayo nag-start po, sir. Tayo ang number eight. Kung makikita niyo, sir, `yong iba nag-start ng ano, sir, ng earlier as --- as early as 30 December and also month of January and February.

Ang ano, sir, ang medyo nahuli lang sa atin, sir, is dalawang ano, dalawang country `yong Vietnam and I believe `yong Brunei, sir. And nakita natin from eighth place tuma --- tumayo po tayo, sir, ng ano, ng number three. And then from ano sir from --- from as low as 100 --- rank 100, tayo sir 41<sup>st</sup> na po tayo ngayon sir out of 173 countries that are vaccinating. And from Asian countries, number 14 over 47 po na countries.

So hindi po tayo nasa --- nasa upper ano po tayo, nasa upper one ano --- one-third tayo sir ng ano ng ating ranking. And despite ano sir na steady sir `yong supply sir natin though it come into ano trickles or by 2 million a month, mayroon pa po tayong reserba sir na 3 million na nandoon ngayon sir, and then ngayon po mayroon pa pong darating na more or less 2 million this coming month, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** Well, speaks well of the effort of your office to at least come to a more than an acceptable performance in the matter of --- well, the fight against COVID as far as the Philippines is concerned.

**FDA DIRECTOR GENERAL ERIC DOMINGO:** I'll give you an update po `yong on the vaccines. Mayroon po tayong short PowerPoint presentation, about five slides. Can we show po our slides?

*[Iyan, thank you. Iyan. Next slide, please.]*

So, Mr. President, ngayon po at present, there are about ano 260 vaccines that are being developed all over the world. Iyon pong 88 nasa clinical development na po `yan, ibig sabihin sinusubukan na po sa tao, sa mga phase 1, phase 2 studies, and some in phase 3.

*[Next slide, please.]*

Of those 88, mayroon na pong labing-apat na mayroong Emergency Use Authorization sa buong mundo. Ang pinakamarami po talaga 'yong AstraZeneca, 'yong Oxford vaccine, 91 countries na po 'yan including WHO. Pangalawa po 'yong Pfizer, 82 countries po 'yan including WHO. [Pangatlo] po 'yong Gamaleya, 'yong Sputnik V, 62 countries na po 'yan ginagamit. Pang-apat po 'yong Moderna. Pagkatapos po 'yong Janssen and then 'yong Sinopharm, ito po 'yong may 35 countries.

Mayroon pong Covishield, ito po 'yong parang AstraZeneca rin po ito na ginagawa sa India. Kaya lang sa atin po hindi pa naga-apply ito kasi AstraZeneca po ang naga-apply sa atin eh. Ganoon po 'yong hatian yata nila sa mundo.

*[Next slide, please.]*

And there are lesser known vaccines po 'no that are coming up. Iyong Sinovac, 'yan po mayroon dito sa atin at 'yong Bharat Biotech, 'yong Covaxin nag-apply din po sa atin. Pero there are some vaccines that are from China and mostly po from Russia that are also up and coming. Iyon pong CanSino is now used in five countries; iyon pong Anhui Zhifei, ito po dalawang bansa pa lamang po, isang bansa in China; iyon pong EpiVacCorona, this is also a Russian vaccine that's being used now in two countries; si Sinopharm mayroon pa po siyang bagong bakuna na Inactivated Vero Cells na sa dalawang bansa lang po ginagamit; at may isa pa pong Russian vaccine na bago na sa Russia pa lang ginagamit, iyon pong KoviVac na ginawa po ng Chumakov Center.

**PRESIDENT DUTERTE:** Ang explanation ni FDA... Si Boy na lang ang last ano.

**DOST SECRETARY FORTUNATO DE LA PEÑA:** Dadako po ako doon sa Ivermectin, mahal na Pangulo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Sige po.

**SEC. DE LA PEÑA:** Opo. Kasi noon pong Huwebes, noong nag-meet --- nagkaroon tayo ng meeting ay nabanggit na ninyo ito. Noong Biyernes ay nag-usap po kami ni Secretary Duque tungkol dito at pag-iisipan namin. Noong Sabado po ay nagkaroon na kami ng kasunduan na hahanap na ng -- - ng eksperto na magsasagawa ng clinical trial.

At ngayon nga po, itong idinistribute ko pong one-page briefer ay nagsasaad dito kung sino 'yong puwedeng mag-lead nung clinical trial po sa Ivermectin na iko-compare po doon sa ibang standard of care na, iyon pong ginagamit na, iko-compare siya.

So ito pong napili ng --- or nakita na puwedeng magsagawa ay taga-UP Manila, sa Philippine General Hospital, si Dr. Aileen Wang, babae pong doktora. At gaya nga po nang nasabi namin, pinakamahina po anim na buwan eh kasi sa clinical trial marami po talagang pinagdadaan, maliban na lang kung talagang bigla pong magkaroon ng maraming-maraming magbo-volunteer, mapapabilis po. At ang plano po dito ay iyong mga quarantine center na malapit sa PGH ang pagsasagawaan nito. Mayroon na rin pong in-allocate na pondo ang DOH para dito sa clinical trials na 'yan.

At hopefully po ay 'pag natapos 'yong trial na 'yan ay magkaroon tayo ng mas reliable estimates ng epekto ng Ivermectin bilang isang anti-viral agent at --- na makapag-reduce po nung virus shedding sa mga mild at moderate patients. At makikita natin ang epekto ng Ivermectin doon sa haba ng hospitalization nung iba.

So kagaya po nung aming eksperimento sa virgin coconut oil, nakita po namin doon sa mga mild cases, doon sa suspects and probable, na iyon pong recovery period noong nag-take ng VCO ay five days earlier than doon sa hindi nag-take ng VCO.

Kaya hindi lang naman po ito inaaral natin. Marami po tayong possible ika nga eh gamot o therapeutics na puwedeng makatulong sa recovery period

katulad po nga nitong binanggit kong VCO, virgin coconut oil, ngayon po ay ginagawa namin 'yong clinical trials para sa mga severe cases sa PGH kasi tapos na kami doon sa mga ika nga eh mild o doon sa mga suspects and probable na may symptoms. At ganoon din po 'yong isang gamot sa ubo na aprubado naman ng FDA iyong lagundi ay kasalukuyan pong isinasagawa na rin ang trial dahil ang katwiran po namin kung --- kung mapapagaling agad 'yong sintomas ay malaking ginhawa para sa pasyente. Kung maaalis agad 'yong ubo, 'yong lagnat, 'yong sakit ng lalamunan, mas mapapabilis po ang paggaling. At ito po siguro within a month matatapos na namin 'yong sa lagundi. Tatal naman 'yon po ay approved drug na sa ubo kaya medyo madalidali na.

Iyong isa po naming inuumpisahan ay isang health supplement para sa dengue, iyon pong tawa-tawa. Kasi po napatunayan na nakakapag-improve rin po ng recovery ng may dengue kaya susubukan naman sa COVID-19.

Marami pa po kaming sinusubukan. May bago po kaming inaprubahan na clinical trial. Ito po 'yong gagawin namin ang --- [*sandali lang po*] --- na ang aming susubukan naman po ay isang bagong pormularyo na iyong tinatawag na methylprednisolone na isa pong steroid. Mayroon po kasing nasubukan na na gamot iyong dexamethasone pero naghahanap po tayo ng isang katulad noon para hindi tayo magkaproblema sa intellectual property. Oo. So at iyon nga po ang susubukan natin. May bago tayong inaprubahan iyong methylprednisolone na steroid. At ang nag-suggest po nito ay isang grupo din ng mga doctor na nakipag-usap sa medical people sa De La Salle na siya namang nagmungkahi na i-standardize ang formulation sa UP National Institutes of Health.

Bukod po doon, mayroon tayong inaaral kamukha noong melatonin kasi nakita po nila sa Makati Med --- Manila Doctors na iyong mga --- na iyong mga matitinding severe patients ay nagti-take sila ng melatonin, actually ho pampatulong po 'yon eh. Pero nakakabuti po daw kaya inaprubahan din po namin ang clinical trial sa melatonin at ongoing din.

Kaya marami po tayong sinusubukan. Hindi man bakuna ay makakapagpabilis po sa recovery kung sakali. At mayroon rin ho kaming magandang balita, mahal na Pangulo, natatandaan niyo noong dati

sabi niyo bibigyan niyo ng reward 'yong makaka-develop ng local ventilators. At kami po ay nagsuporta ng at least apat na grupo po. Tatlo 'yong talagang fully supported namin. At ngayon po, 'yong isa, actually babanggitin ko na kung aling grupo. Iyon pong grupo ng Technological Institute of the Philippines (TIP) ay nakabuo na po nung local ventilator. Nakapasa na rin sa third-party certification kaya ang susunod pong hakbang ay subukan na sa ospital at iyon po ay siyempre kailangang magproduce kami nang mas marami para masubukan na 'yong local ventilator. Iyon din pong Don Bosco ay mayroon ding ginagawa pero mas nauna iyong --- [*Anong tawag dito?*] -- - 'yong TIP. At iyong --- mayroon pa pong dalawa.

Iyong isa naman ay parang gumawa lang sila ng isang version nung nadevelop na dati na local ventilator para sa mga bata. So ngayon, ini-reconfigure nila para maging puwede na sa matanda. At iyon po ang mga developments.

Of course, maipagmamalaki po natin, mahal na Pangulo, na 'yong ating PCR test ay isa tayo po sa nagkaroon ng approved PCR diagnostic kit dito sa bahagi ng Asia na ito. At iyon nga po ay... Nag-umpisa tayo ng lockdown March, April 3 po, approved na ng FDA 'yong diagnostic kit na 'yon na PCR na ginawa din ng research sa UP Manila. At bukod doon, iyong disease model na ginagamit natin sa IATF, iyon naman po ay sinuportahan namin gawa po ng mga taga-Ateneo at ng Department of Health at UP Manila.

So marami naman po itong nagawa rin natin at marami pa tayong aasahan na sana pagkatapos nitong mga trials na ito ay madadagdag sa solusyon natin sa COVID-19.

**PRESIDENT DUTERTE:** Kay Bebot Bello. Anong nangyari na sa OFW natin na?



**DOLE SECRETARY SILVESTRE BELLO III:** Thank you, Mr. President. Fellow Cabinet members, and welcome back, Sec. Ed.

Mr. President, as of 2020, there are 8,874,472 Filipinos living and working overseas. Out of this, Mr. President, mayroon tayong 3,497,261 who are documented. Mayroon ding undocumented, Mr. President, and we have about 1,580,684. Then we have the so-called permanent migrants, ito 'yong wala ng planong umuwi. They are about 3,797,527.

Now, Mr. President, out of the 3,497,261, 19 percent were displaced because of COVID-19, 19 percent, that is about 647,827. They were displaced. Meaning, they lost their job or even if they did not lose their job, they could not earn a living because they were prevented from reporting to work because of COVID-19, hindi sila makapasok, Mr. President.

Dito sa 19 percent na displaced, Mr. President, we were able to repatriate with your generosity, Mr. President, you gave us 5 billion for their repatriation expense. So we were able to repatriate 500 --- as of today, Mr. President: 519,566 overseas Filipino workers.

Iyong iba, Mr. President, the remainder of the 647[,000] about 49,000 pa ang still in the process of repatriation. Pero mayroong mga 78,519 who opted to stay on-site. Hindi sa ayaw nilang umuwi, because many of them, Mr. President, got vaccinated, vinaccinate (vaccinate), nabakunahan sila lalong-lalo na sa Middle East. So with 'yong vaccination nila, 'yong opportunity for reemployment was very high, so they opted to stay. Hindi na sila uuwi.

So anyway, Mr. President, doon naman sa mga OFWs na documented na hindi naman nawalan ng trabaho, although delikado 'yong puwesto --- 'yong kanilang kalagayan, they still opted to remain, where they are, especially our OFWs in Europe, in Rome, in Madrid, in UK, in Germany, et cetera, et cetera, Mr. President.

Now, a very sad note though, Mr. President, is that of the more than 3 million OF --- documented OFWs, 19,148 OFWs were infected with COVID and sad to say, 950 of them died. Ang maganda namang balita, Mr.

President, is that of the 19,000, 10,466, though were infected, have fully recovered.

*[Excuse me, Mr. President.]*

Now, Mr. President, mayroon tayong ano mayroon tayong mga programa para sa mga OFWs. We call this the program of AKAP, this is the Abot Kamay sa Pagtulong sa mga OFW. And under this program, we gave them a cash assistance of 200 dollars, on-site, kapag nandoon pa sila. Pero kung na-repatriate na sila, Mr. President, binibigyan --- binibigay natin sa kanila `yong peso equivalent of 10,000 pesos. So malakilaki ang naibigay ninyo sa mga OFW, Mr. President, and they appreciate it very much.

Now, let's go to the program of OWWA, Mr. President. Before I go to that, Mr. President, I would just want to mention that under Bayanihan 1, Mr. President, we were able to provide assistance under the AKAP program to 300 --- 343,743 OFWs and it costs us 3,499,000,000. Now, under Bayanihan 2, Mr. President, we were able to provide assistance to 161,812 and it costs us 1,629,000,000 or a total of 5,128,000,000, Mr. President.

Now, let's go to OFW, Mr. President. Ang pinakamalaking problema ng OFW --- o ang OWWA, I mean, Mr. President ay `yong pagpapauwi ng ating mga OFW. And in order to bring home, repatriate our OFWs, which includes airfare, seafare, landfare, hotel expenses serving as quarantine accommodation, food and financial assistance, Mr. President, our OWWA spent 11,466,874,371.

**PRESIDENT DUTERTE:** Ngayon may gusto lang akong tanungin dito kay ano, kay --- kay Mark. Was it Secretary Villar who was next in deck?

**DPWH SECRETARY MARK VILLAR:** Sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** Can you give us a report, not necessarily connected with COVID, this is a --- a sounding board for the community so that they would know what we are doing. Mark, you can proceed.

**SEC. VILLAR:** Maraming salamat po, sir, Mr. President, at ngayon po magbibigay po ako ng update sa ating Build, Build, Build program at para makita din ng taong-bayan na tuloy-tuloy po ang pagtatrabhao po ng gobyerno at marami po tayong magagandang balita sa imprastruktura.

So una po, ito po `yong mga project accomplishments natin, gusto ko lang ipakita, i-compare ang project accomplishments from two similar time periods, so from 2011-2015 and 2016- 2020.

So makikita po `yong kung gaano kalaki po ang difference sa project accomplishments during --- since the start of your term, Mr. President. Halos times three po `yong project accomplishments under the Build, Build, Build and under your vision.

*[Next slide.]*

In other terms, put in other terms, and not just in terms of peso value, ito po `yong na-accomplish natin from July 2016- December 2020 which is 10,376 flood mitigation structures completed; 26,494 kilometers of road, constructed, maintained, widened, upgraded and rehabilitated; and 5,555 bridges also constructed, widened, upgraded and rehabilitated.

*[Next slide.]*

Also 144,925 classrooms were built under this administration; 2,036 school workshop buildings and other school facilities; at mayroon din po tayong 187 evacuation centers, ito po `yong gusto niyo --- ito `yong masterplan ninyo para magkaroon ng evacuation centers po sa lahat ng regions.

*[So next slide, please.]*

So as you can see, nakakalat po ang mga evacuation centers throughout the country. There are 187 completed which is marked by the red at `yong 130 na yellow are still ongoing but will be completed soon.

Halos lahat po ng evacuation centers ngayon ay ginagamit para sa COVID-19 quarantine. So napakalaking bagay at napapakinabangan po itong mga regional evacuation centers na pinagawa niyo po sa buong bansa.

*[Next slide, please.]*

And I just want to give some updates on `yong mga recently completed major projects.

*[Next slide.]*

Una po, kaka-inaugurate --- kaka-open lang itong Urdaneta City By-pass Road. Ito po'y 7.17 kilometers at total cost of 2.2 billion. Napakalaking

bagay dahil para sa mga papunta sa north, na decongest ang Daang Maharlika at puwede niyo pong i-bypass `yong Urdaneta which is malaking traffic usually `pag pa-north po tayo at ginagamit natin ang Daang Maharlika. So `yon. That's one of the accomplishments this year.

*[Next slide.]*

Ito po sa --- sa Bulacan, ito po'y --- also diversion road, also bypassing Daang Maharlika. So sa ating mga kababayan sa Bulacan, ito ho malaking bagay sa traffic. Ito po'y 9.6 kilometers and mayroon din pong bike lane. So almost from one hour magiging 30 minutes na lang ang travel time.

Sa mga taga-Bulacan, puwede niyong gamitin ito para pumun --- para makapunta kayo sa NLEX. So `yon, completed na po ang Pulilan-Baliuag Diversion Road sa Bulacan.

*[Next slide, please.]*

Ito po itong TPLEX, ito this was opened last year. Ito kasama po sa Luzon Spine Expressway Network at umabot na po sa Rosario `yong TPLEX. So para sa mga papunta sa Baguio, napakabilis na ang biyahe ngayon and for travel time between Tarlac and La Union, from 3.5 naging one hour at 20,000 a day ang nakikinabang po dito sa opening ng TPLEX hanggang Rosario. So pag --- `pag papunta tayo sa north, ito ay malaking bagay. So this has been opened already, `yong TPLEX.

*[Next slide, please.]*

Ito po, pumunta po kayo sa inauguration nitong NLEX Harbor Link and pati `yong extension. So ito from --- `yong travel time, from 60 minutes dati from the port area to NLEX dati 60 minutes, naging 10 minutes na lang.

And based on our numbers, almost 30,000 a day ang gumagamit po ng Harbor Link at malaking bagay dahil `yong mga trucks dito na dumadaan, hindi na masyadong traffic sa area, at nakaluwag din sa Metro Manila at lalo na po ang EDSA. So this is also finished and delivered already.

*[Next, please. Next slide.]*

At ito po, most recently, ang Metro Manila Skyway Stage 3. Ito --- ito po ay bahagi po ng EDSA decongestion program ng gobyerno, 18.83 kilometer

elevated expressway. So as of now, it's already be --- it's already in use. And by next week po, i-inspect na po 'yong Nagtahan ramp exit. So very soon, magagamit na po 'yong mga exits na --- additional exits ng Makati Skyway Stage 3.

And based on our reports noong nag-open po ang Skyway Stage 3, 'yong dating average time sa EDSA na 16 kilometers per hour, naging 28 kilometers per hour ang speed kaya malaking bagay talaga.

And we're on track, sir, to --- para sa goal natin na ibalik ang EDSA sa original capacity. Already 70,000 cars a day are passing through Skyway Stage 3, and I will show some other projects na makakabawas pa sa traffic sa Metro Manila at sa EDSA.

So dito po, ito 'yong mga ongoing. Iyong kanina po 'yon 'yong mga delivered, ito po 'yong idi-deliver. Iyon pong tapos na, ito po 'yong idi-deliver natin. And hopefully, sir, some of these baka puwede po kayong um-attend sa inauguration this year. So these are projects for this year.

*[Next slide.]*

Ito ang San Fernando By-pass. Ngayon po, tapos na 'yong TPLEX hanggang Rosario so para sa mga hindi pupunta sa Baguio at idi-diretso pa sa Ilocos, ito malaking bagay, makakabawas sa traffic dahil hindi na kayo mata-traffic sa San Fernando.

So this is a major bypass project na makakatulong sa travel from north to south which ang goal po natin, sir, is from 20 hours magiging 9 hours na lang from Region V, Bicol, to Ilocos. So ito bahagi po ng masterplan 'yong San Fernando By-pass.

And ito po, one of the largest, ito po, isa po sa mga flagship projects natin that will be delivered this year, a 30-kilometer four-lane expressway from Tarlac to Cabanatuan City. Ang travel time from 70 minutes dati, magiging 20 minutes na lang. It's a 14 billion-peso project. It's practically complete, 93 percent completion. It will be finished by this year.

It's the first expressway, one of biggest, largest expressways built by government. So hindi po ito PPP at libre po sa ating mga kababayan. Kaya magandang balita po sa ating mga kababayan sa Central Luzon lalo na 'yong mga pupunta po sa 'yong taga-Pangasinan at 'yong mga pupunta po sa Region II, this will really --- malaking bagay para sa agriculture, ang economy. And by this year, sir, sana makarating po kayo sa inauguration ng Central Luzon Link Expressway.

At ito rin po, patapos na rin po 'yong Arterial Road By-Pass sa Bulacan, sa Plaridel. Dati po two lanes, ngayon four lanes na siya. It's a major project also and benefits 15,000 commuters per day. And in Bulacan, ang average travel time mababawasan po from 69 to 24 minutes from San Rafael to Balagtas. So it's a widening of 22-kilometer road.

Ito po, tapos na rin po halos malapit na po para sa mga ating mga kababayan sa Quezon, 'yong Sariaya By-pass road para sa mga pa-south naman. Ito po ay 7.24 kilometers --- 7.42 kilometers and it will reduce the traffic sa Daang Maharlika papunta po sa Quezon. So tapos na po, 97 percent complete and will be delivered this year.

Also para sa ating mga kababayan sa Batangas, ito po ay isang bagong diversion road. Also a billion-peso project na almost completed, to be delivered this year. It's a four-lane kilometer road from Batangas to Bauan-Mabini. So reduced from two hours to 30 minutes ang travel time.

*[Next slide, please.]*

Isa pa 'tong project also local --- local roads so walang --- hindi po siya PPP, Laguna-Quezon, connecting the provinces of Laguna and Quezon. Tapos na po 'yong first portion, it's 12.8 kilometers and once completed, it will also reduce travel time by 25 to 40 minutes from Laguna to Quezon.

*[Next slide, please.]*

Ito po halos tapos na rin po `yong Sorsogon City Coastal By-pass road. Ito na po `yong picture ng road, it's a 5.66-kilometer coastal road and the completion will be reduced travel time by as much as 43 minutes going to Sorsogon. So hindi na kailangan dumaan pa sa city, maba-bypass po ang traffic sa Sorsogon.

*[Next slide, please.]*

Ito po `yong BGC-Ortigas Center Link Roads. Malaking bahagi po ng EDSA decongestion. `Pag natapos po ito, mako-connect po ang Taguig at Makati sa Pasig City by 12 minutes. So practically, this is complete. Puwede nang gamitin po by June. So nakikita niyo naman po sa picture halos tapos na po `yong bridge. `Pag natapos po ito, 30,000 cars a day ang mawawala po sa Guadalupe section ng EDSA. So lalong mag-i-improve po ang traffic situation natin.

Next po `yong Intramu --- Binondo-Intramuros Bridge, 60 percent complete. And ito po `yong China grant project. It's a 30,000 vehicles per day ang gagamit po dito. Napaka-iconic, napakaganda ng arko ng bridge, and to symbolize our friendship with China. So this is also be delivered at the fourth quarter of this year.

*[Next slide, please.]*

Isa pa, itong bahagi ng EDSA decongestion, `yong Estrella-Pantaleon Bridge connecting Mandaluyong to Makati. Makakabawas din po sa EDSA. So it's a four-lane bridge across Pasig River. And again when it's finished, at least 10[,000] to 15,000 cars a day ang mawawala po sa EDSA. So almost complete also, targeted by second quarter of this year.

At hindi pa po tayo tapos sa EDSA decongestion. Ito po ang final blow sa traffic sa EDSA. Malaki na `yong improvement pero `pag natapos po itong connector, lalo pong mag-i-improve ang traffic sa EDSA dahil iko-connect po `yong Skyway passing through Manila going to connect to the Harbor Link.

So ang kagandahan po ng project ay ito po ay para sa mga trucks na papunta south or papuntang north, puwedeng po nilang gamitin `yong connector road and they no longer have to pass through the thoroughfares of Metro Manila. `Pag natapos po ito, babalik ng EDSA to --- capacity and even less. So we'll be delivering a large portion of the connector by this year.

Isa pa itong Alabang-Sucac Extension, also to be delivered by this year. In fact, the northbound lane has just opened. So magagamit na po at mas mahaba na po ang extension. So `yong mga galing po sa Laguna at Cavite, puwede nilang gamitin itong Skyway Ramp. So open na po, but completely finished by this year.

Pati itong South Link, substantially completed by this year. Natapos po `yong malaking portion `yong tawid po ng SLEX. So the whole project will connect CAVITEX to C5, so mababawasan ang traffic sa EDSA, and also it will be a connection from Cavite to Taguig. Malapit na pong matapos. In fact, portions are already opened.

Isa pa, `yong Cavite-Laguna Expressway. So open na siya. Open na po, tapos na po `yong Laguna section. And by --- in the second quarter, by June sir, we will open the Cavite section going to Silang. So may portion na bubuksan sa June and abangan na lang natin. It will connect Cavite to Laguna, SLEX to CAVITEX. So magkakaroon ng connectivity from SLEX puwede po kayong dumiretso sa CAVITEX.

Hindi lang po tayo sa mga kalsada, mayroon din po tayong mga flood risk projects. Ito po `yong sa Cavite para sa ating mga industrial areas, magkakaroon ng flood management program. Ito rin ay tatapusin namin this year. May malaking retarding basin sa may Imus.

*[Next slide, please.]*

Sa Region VIII po, sir, ito talagang napakalaking bagay, 11 kilometers Samar Pacific Coastal Road, the largest project implemented in the Northern Samar area. Ito po ay hindi matapos-tapos dati dahil sa mga peace and order issues. Marami pong mga NPA po sa area. Pero dahil sa tulong ng AFP,



natapos na rin po ang project and we're waiting to deliver by this year. Napakalaking bagay dahil marami pong mga poor communities doon at makakatulong talaga sa pag-angat ng ekonomiya.

And of course, sa Davao City Coastal Road, tapos na po 'yong first three kilometers hanggang Talomo and we will continue to construct the bridge. Pero the first segment, the first three kilometers is already finished and we will target to finish the next --- the full seven kilometers of the segment hopefully by the end of the year but possibly early next year also.

Ito po tapos na rin po, 1 billion-peso project for the support and rehabilitation of Marawi City and surrounding areas. Ito po ay grant na galing sa Japan. Natapos na po 'yong mga contract packages including for the road sections with the total length of 18 kilometers. So tapos na po ito at ready na po --- anytime we can --- puwede pong i-inaugurate.

*[Next slide, please.]*

Pati po sa flood --- sa Cagayan de Oro po, makikita niyo po itong flood control system na kinonstrak (construct) po natin para maproteksyunan ang ating mga taga-Cagayan de Oro from the floods from the river. So ito po ay also slated by this year's significant accomplishment.

*[Next slide, please.]*

So ang last portion po, sir, ito po ay mga quarantine facilities. Nais ko lang magbigay ng very brief update sa ating mga quarantine facilities. Ang na-accomplish po natin ngayon is 653 facilities with 24,117 bed capacities. And by next month, our target is to have 816 with 27, 262 bed capacities.

*[Next slide, please.]*

Ito po 'yong nagawa na po ng DPWH, 'yong breakdown. As you can see, marami po sa NCR dahil ito po ay marami pong --- malaki po 'yong

occupancy rate sa NCR. Ang nomo-monitor po namin at this point is 68 percent capacity.

So dito kami naka --- medyo naka-focus nang kaunti para madagdagan po ang ating capacity sa NCR lalo na po sa mga modular facilities --- modular hospital facilities, of which we already constructed 148, and we have another 104 on line this month. And by next month, madadagdagan po ng 310 ICU bed capacity. Mabilis lang po, 45 days po ang target namin sa pagtatayo ng isang modular hospital.

*[Next slide, please.]*

Ito ay isang example ng mga pictures ng mga nagawa na natin. Ito `yong stand-alone sa Diokno Boulevard sa tapat ng Senate at `yong iba po `yong mga mega quarantine facilities.

*[Next slide, please.]*

Ito po `yong mga off-site dormitories na nagawa na rin natin. Ito po ay sa Quezon Memorial Circle para sa mga ating mga frontliners para hindi na sila lalayo. Iyong iba kasi galing po sa probinsiya, kailangan nila ng dormitories. So `yong dormitories nila kumpleto, may kitchen, may entertainment center, may aircon. At dito po nag-i-stay `yong mga frontliners po natin.

*[Next slide, please.]*

And of course our modular facilities `yong binanggit ko po kanina, 24 --- our target is 24 modular hospitals with 547 bed capacity. Natapos na po `yong Quezon Institute at operational na po. At makikita niyo po sa pictures na mayroon pong mga --- mayroon pong mga features katulad ng negative pressure, sariling oxygen supply, and individual aircon, individual rooms, individual bathrooms.

So ito po `yong tinatayo namin ngayon at 45 days ang construction time and our target is to have 547 bed capacities within the next month and a half.

*[Next slide, please. Next slide.]*

Iyon. Iyon po, sir, our updates on the Build, Build, Build and of course on our efforts sa COVID. Kahit na may COVID, tuloy-tuloy po ang pagdi-deliver natin ng projects and we will continue to work hard to deliver on our promise.

Maraming salamat po, sir, at good evening.

**PRESIDENT DUTERTE:** Mark, you are really amazing. So with that, wala naman tayong sigurong ano. Nakapag-report naman tayo at the others, okay lang except for itong the... Sabi nga ni Secretary Roque the issues --- the hottest issues are West Philippine Sea, ayuda and --- *[what's the other one?]* *[Official: COVID.]* --- ah itong COVID. Oh well.

Iyong West Philippine Sea, alam mo ang totoo niyan pabalik-balik tayo. Ako, gusto ko. Tinanong ko nga si Secretary Lorenzana na puwede ba tayong pumunta doon, papasok tayo sa mga Spratly Islands diyan ng barko natin? Of course, it should be a Coast Guard.

We do not send gray ships to --- mga war ships diyan --- na para ipakita lang natin sa Pilipino na maski na ilang balik natin doon, wala talagang mangyari because we are not in the possession of the sea. Sa kanila eh.

**DND SECRETARY DELFIN LORENZANA:** Mr. President, wala namang balakid `yong ating pagpunta doon, kahit nga `yong Navy ships natin panay - -- panay ang punta sa Pag-asa Island at magpatrolya doon.

Iyong ating mga Coast Guard ships palagi, Mr. President, ang patrolya nila diyan sa mga areas na marami tayong fishermen, and pati na `yong Bureau of Fisheries and Aquatic Resources na barko nandiyan na rin. Nagpapalit-palit lang sila, Mr. President, dahil limitado `yong mga barko natin but we can --- our ships can go there.

In fact, regularly 'yong ating mga barko diyan sa Palawan ay nagre-resupply sa ating mga islands diyan sa Kalayaan Island Group. So wala pong --- wala pong ano, pati 'yong ating mga --- mga fishermen ay libre naman silang makapangisda nang walang --- hindi sila ginugulo ng mga Chinese.

**PRESIDENT DUTERTE:** Kaya nga ang China kung hanggang diyan lang, 'wag ka lang maggulo, you claim there even if you go there and then wala ring mangyari kasi kanila talaga eh --- para sa isip nila kanila.

Even if I go there, I said, with Secretary Lorenzana, and sail there and ask questions, wala mang mangyari. Sasagutin ka lang, but you know the issue of the West Philippine Sea remains to be a question forever until such time that you know, we can take it back.

Ang akin niyan is walang iba, giyera lang. If we promote a war against China and America, medyo siguro mamadalian. Pero at what cost to us? Iyan ang problema, iyan talaga ang problema. But we can retake it only by force. There is no way that we can get back the tawag nilang Philippine Sea without any bloodshed. Iyan --- 'yan --- 'yan talaga ang totoo. Maski na anong sabihin ng mga military, na may iba diyan na ano alam ko na walang ginawa. You know --- you know the cost of war. And if we go there really to find out and to assert jurisdiction, I said, it would be bloody. It will result in a violence that we cannot maybe win. Ang problema nito we have always, well, sided with America in so many issues including this one.

Pero kung sabihin mo that America will go to war because of the Philippine Sea tapos tayo ang mag-umpisa, ang sa ano doon that --- sa... Alam mo doon sa Mutual Defense Treaty --- I don't know if I'm right --- only if we are being attacked and assaulted. It does not include a war that is initiated by us.

**SEC. LORENZANA:** Yes, correct, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Kasi may mga alam ko may mga military na nagre-retire, ano bang gusto ninyo? Ako I am ready. Ay anak ng jueteng... If just a matter of going there and looking for trouble and maybe violence, okay sa akin. But I said, at what cost would that be to the country?

Wala eh. Hindi tayo puwedeng pumunta doon, makipag-away for the simple reason that --- that particular provision in the RP-US states that "only when we are being assaulted or being there in a war, not of our own making."

So `yan ang gusto ko na... Anong --- anong gusto ninyo? Ito naman si Carpio, daldal nang daldal wala namang... Ano bang gusto mo? Sige ka punta doon sa... Do you think China will obey the United Nations? I'll ask you a question: If the United Nations will ask China to surrender because of that award given to us, ibibigay ba ng China `yan?

Nandiyan ang problema. Can the United Nations compel China? And do you think China will just give it freely because of the United Nations' demand? Iyan ang hindi ko maintindihan kay Carpio. He is a --- a dreamer. And besides `yong amo niya it started the occupation of constructive --- [*How would you call it in the international parlance?*] --- the constructive occupation of China happened during the Aquino administration.

May --- may isang barko doon nagpadala tayo. There was a standoff. A standoff that was maybe going to a violent stage sa... Alam mo, ang nagpa -- ang nagpa-alis sa atin, ang Amerika. Ang usapan ang Pilipinas mag-retreat, ang China mag-retreat. Ang ginawa ng China hindi nag-retreat, ang Pilipinas ang nag-retreat.

Ang --- ang pagador noon si Del Rosario. Iyan, tandaan mo `yan Carpio. Sige ka daldal. The constructive occupation was completed. It was a notice to the world na noong hindi sila umalis, tayo ang umalis, ibig sabihin amin `to kaya ka umalis.

Eh itong si Carpio, kung anong pinagdadaldal, he's a dreamer. I'll give you 100 years, you can never get something there maski isang basong tubig sa China ngayon. Tapos sige kayo intriga sa Pilipino, sige kayo intriga. Sabi ko nga ano bang gusto ninyo? Sige, tell me what to do except your --- `yong mga papel-papel ninyo. Wala --- walang kakuwenta na `yan.

Just to create --- well, whatever it is, karaming daldal wala ka naman talagang magawa. I said, I --- the constructive occupation of the West

Philippine Sea com --- was completed by the singular act of China not retreating.

Iyan ano sa International Law, ganoon `yan. Ikaw `yong umalis, ibig sabihin hindi iyo. At bakit umalis? Eh itong si Secretary Albert pag-usap ng Amerikano, takot ng giyera. Takot na... Eh sana hinayaan na lang nila. Ang totoo niyan, susmaryosep, ayaw ko lang magyabang.

Kung mangyari uli `yan --- ako I'm --- I'm putting China to --- I do not want any quarrel. But in a situation like that, if repeated in this --- in my administration, I think there will going to be a... Talagang hindi ako aalis.

At saka kung may barko ako diyan ngayon, `yong Coast Guard nandiyan, hindi rin ako mag-alis. I will not. Maraming --- sabi nga ni Secretary Lorenzana, mga resupply natin, iyong mga Coast Guard natin, if they are driven away, I would tell them to stay put.

I am addressing myself to the Chinese government. We want to remain friends. We want to share whatever it is. Sinabi ko naman sa inyo sa Chinese government, I'm not so much interested now in fishing. I don't think there's enough fish really to quarrel about. But when we start to mine, when we start to get whatever it is in the bowels of the China Sea, sa ating oil, diyan na ako --- then by that time, I will send my ships there. I will send my gray ships there to state a claim. Iyan masiguro ninyo. `Pag kinuha na `yang oil, kung anong mga nickel diyan and precious stones, that would be the time because that is the time that we should act on it. Hindi ngayon na `yong pa --- pahabol-habolan lang diyan. Ano ba naman? Habulin iyon isang reporter na ano. My God.

Ako totoo `yan, `pag mag-umpisa na sila ng drill ng oil diyan, sabihin ko talaga sa China, is that part of our agreement? Because if it is not part of our agreement, I'm going to also to excavate --- to drill my oil there. If you own it, I own it. I do not want a quarrel but that is how it is.

Noon ko pa sinabi `yan, iyong pagkatapos na nag-usap kami ni President Xi Jinping na sinabi ko na I will get my oil also. Sabi niya, "Please don't. We just leave it that way in the meantime." He said because... Nandiyan si ---

nandiyan `yong mga Cabinet members. General Año was there, the chief of -- Chief of Staff ko pa noon. Dinala ko kayo para may mga living witnesses ako na may ginawa. Pati `yong mga military na nagdududa wala akong ginawa, minukha ko talaga. Nandiyan kayo, General Año, General Esperon, si Delfin. Sinabi ko na one day I will drill my oil there and mine whatever is ours. Sabi niya Secretary, si ES, nandiyan sila lahat --- sinabi ko. Ngayon kung habulan lang ng tang --- maghabulan lang sila diyan, sige bigyan ko sila ng limang Coast Guard. Habol-habolan lang sila diyan, maglaro sila kung sinong mas mabilis.

Ngayon kung pagdating na magdating na `yang mga drill ng oil diyan, ah mahirap na `yan. Eh iyan ang... Noon ko pa sinabi `yan. Sasabihin ko ngayon ulit baka nakalimutan. Hindi nakinig si Carpio eh. Iyang papel-papel mo `wag mo akong isali diyan.

Wala mangyari niyan. Anong...? You know, the --- the Chinese government will just give you a finger. Wala kang ma --- hindi mo matakot `yang mga `yan because they firmly believe na kanila talaga `yan kontra sa atin na it is also our considered opinion that it is ours. Iyon, sana maintindihan --- nakinig lahat.

Iyan si Carpio, you just --- `wag ka nang sumali sa politika, wala kang alam diyan para kang buang. Mga --- `yong grupo mo puro... Tingnan mo `pag election, `di ba malampaso. Wala man kayong ginawa para sa Pilipino. Anong ginawa ninyo? Puro papel. What have you done sa Filipino?

O kami, tingnan mong airport ng buong Pilipinas. Tingnan mo `yong highway ni... Tingnan mo ang DILG wala ng reklamo, wala ng corruption, DSWD ganoon. Tapos magtanong kayo, eh bakit military? Hindi naman lahat military. Tingnan --- gusto ko lang `yong talagang matapang na sinusunod.

Kaya ko nilagay `yan diyan mga military because I believe na `yang mga tao na `yan, ma-civilian man o military, talagang nasusunod kasi humihirit talaga. Sabi na puro military. Eh ano? Sibilyan na `yan eh. Naghirap na `yan noon, tapos na `yang pagka-military nila.

Ano ba naman `yan nga...? Kagaya ni Delfin Lorenzana, he's --- kagaya ko matanda na ako --- do you think that he would still tinker with the kung ano-anong mga revolutionary government, revolutionary government? Kalokohan `yan.

What do you expect to prove? At saka let the... Alam mo, ulitin ko ito ha. Nandito `yan, `yong mga military na nandoon. In a command conference, I was so --- talagang downhearted ako because I expected the military to perform well na walang... Mayroon doon after a command conference, may pinasa si Delfin Lorenzana --- Secretary Lorenzana na papel puro kabalastugan ang ginawa.

Iyong sinabi ko, ako nandito ako kasi na --- pagka akala ko makatulong ako sa bayan sa Pilipinas. Kaya ko kayo kinuha, kaya ko kayo pinatawag kasi akala ko makatulong kayo kasi it involved a general sa ano. Sabi ko, alam mo, hindi talaga ako mamamatay kung hindi ako Presidente. Kung tumindig lang ang Air Force head, ang Navy, Army, pati Police, kung tumindig kayo ngayon, aalis ako pagka-mayor. Uuwi ako sa ano. Ibig kong sabihin, I do not have the support of the military and so --- ganoon lang kasimple.

If we cannot work together with just buy medicines, then maybe we cannot work together on bigger things. So what's the point? Sinabi ko talaga sa kanila. I do not --- I do not work where I am not needed. And then kayo na mag-explain, explain to the Filipino people bakit ganoon.

Itong mga ibang mga --- itong matatanda magsusulat ng mga ano. Hindi --- hindi ba kayo na --- hindi na kayo nahiya sa sarili ninyo? Ayaw ko na sabihin kung anong ginawa ninyo --- anong ginawa ko para sa inyo. Many things that I did for the Armed Forces. Ayaw ko na lang mag-ano baka sabihin na hindi ko naman property, hindi ko naman pera. Pero mas mabuti `yang magkaintindihan tayo. Hindi ako ano. Anytime, kalabitin lang ako ni Delfin ng apat ayaw na pati ako, o `di sige. Maghanap tayo.

Ikaw, ikaw balik ka doon sa Washington. Ang lamig-lamig doon, Del. Alam mo, Del, buhay mo doon sa America pagka ganoon ang weather, buti pa mag-uwi ka na lang doon sa probinsiya ninyo. Kalamig-lamig na walang kakwenta-kwenta.



Iyan ang ano. Iyan ang gusto kong ipaalala sa CIA baka hindi nila nabalitaan `yon. I mean ang Amerikano, you can ask all of them when I said that I'm going home. If I cannot have the cooperation of the Armed Forces, then there's no point in working for this government. Wala.

Kasi ako lahat ng ano ko military kasi kung mag-asa ako sa sibilyan, patay ang sibilyan. Kaya always, if I want things done, military talaga `yan. If `pag may ano, it's either Año or si Rolly, "Gawin mo nga `to." And it will be done, walang corruption. Hanggang ngayon wala akong narinig kasi kung mayroon, sabay kaming mag-resign, sa totoo lang.

So with that eloquent speech, I call the meeting to --- and go home.

Salamat. *[applause]*

**--- END ---**